Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 3, 2009, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Kag. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 026-T'2009**

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN ARIEL T. MAGCALAS NA LUMAGDA SA MGA PAPELES UKOL SA MGA GASTUSING MAGMUMULA SA PONDO SA OTHER SUPPLIES EXPENSES AT PONDO SA GASOLINE, OIL AT LUBRICANTS NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA MGA KAGAWAD NG NASABING SANGGUNIAN.**

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Taunang Badyet ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan na ang paglalaan ng pondo para sa Other Supplies Expenses at Gasoline, Oil and Lubricants ay manggagaling sa Pambayang Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod;

**SAPAGKA'T,** ang Pambayang Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod ay nasa ilalim ng kontrol at pangangasiwa ng Punong Ehekutibo.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na lumagda sa mga papeles na ang gastos ay magmumula sa pondo sa Other Supplies Expenses at pondo sa Gasoline, Oil at Lubricants ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan para sa mga kagawad ng nasabing sanggunian.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang lahat ng nakasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan